

- **Mangyaring itapon ang inyong mga basura sa mga itinalagang lugar sa umaga ng araw ng koleksyon nito (hanggang 8:00 ng umaga). Kinokolekta din ang mga basura tuwing mga pista opisyal.**
- Hinihiling namin ang kooperasyon ng lahat ng gumagamit ng lugar ng koleksyon ng basura sa paglilinis nito.

**Nasusunog na basura** 2 beses sa isang linggo \*Kung malaking parte ng bagay ay **maipapasok sa itinalagang bag (kulay dilaw)**, ito ay itatapon bilang nasusunog na basura.

- Mga hilaw at tirang pagkain, balat at tangkay ng mga gulay, tinik ng isda, mga kabibe at suso, balat ng itlog, atbp.
- Gamit na tissue, maruming papel, disposable diaper, litrato, resibo, mga papel na may vinyl.
- Itupi nang hindi lalagpas sa 1m ang mga futon at carpet, **itali ang mga ito gamit ang lubid o pisi, at diretsong itapon.**
- Mangyaring itapon ang mga damit na namantsahan ng pintura, mga nadumihang lalagyan na may pura (プラ) mark tulad ng bote ng mayonaise at toothpaste at iba pang plastik na produkto (mga bagay na walang pura (プラ) mark) bilang nasusunog na basura.



**Hindi nasusunog na basura** 1 beses sa isang buwan \*Kung malaking parte ng bagay ay **maipapasok sa itinalagang bag (translucent)**, ito ay itatapon bilang hindi nasusunog na basura.

- Glass, bombilya, fluorescent na ilaw, salamin, walang laman na bote at lata na hindi pang-pagkain, kagamitan sa pagkain, payong, kaldero, mga bagay na may talim tulad ng kutsilyo, atbp.
- Bentilador, vacuum cleaner, microwave oven, atbp. \***Ang air conditioner, TV, refrigerator, washing machine, at computer o laptop ay hindi maaaring itapon dito.**



**Plastik na lalagyan at packaging** 1 beses sa isang linggo \***Ilagay sa itinalagang bag (mapusyaw na berde)** at itapon ito.

- Bag mula supermarket, o convenience store, mga balot ng mga snack, ramen, gulay, frozen na pagkain, atbp.
- Tray ng sariwang pagkain, lalagyan ng bento mula convenience store, mga styrofoam na ginamit bilang cushioning material
- Pakete ng itlog at tokwa, cup ng pudding at cup ramen, \*Mangyaring bahagyang hugasan.
- Bote ng detergent na nilinis ang loob at bote ng mantika, takip at label ng PET bottle, atbp.



**Bote at latang walang laman** 2 beses sa isang buwan \*Ito ay para sa mga bote ng inumin at pagkain mula sa mga sambahayan

- Tanggalin ang cap at laman ng mga ito. \*Mangyaring hugasan gamit ang tubig.
- Siguraduhing paghiwalayin at itapon ang mga **latang walang laman (orange na basket)** at **boteng walang laman (mausyaw na asul na basket)**. \* **Hindi kailangan ng bag.**




Owariasahi City Paraan ng pagtatapon ng basura

タガログ語版

**Gamit na papel** 2 beses sa isang buwan \*Mangyaring paghiwalayin ayon sa uri, itali gamit ang lubid o pisi at itapon. Nagsasagawa pa rin ng koleksyon kahit umuulan.

- Maaaring isamang itapon ang mga dyaryo, notipikasyon at mga leaflet.
- Pipiin muna ang mga karton bago itapon.
- Isalit-salit ang mga pahina ng magasin sa isa't isa, itali gamit ang lubid o pisi, at itapon.
- Ilagay ang iba't ibang papel sa paper bag o sobre at itapon.



**Lumang damit** 2 beses sa isang buwan \*Mangyaring ilagay ang basura sa mga komersyal na translucent na bag na hindi itinalaga ng Owariasahi City at itapon ito.

- Kabilang dito ang mga T-shirt, pantalon, palda, damit na panloob, medyas, sweater, kumot, mga kobre kama, at tuwalya.
- Ang mga labis na maruming damit, mga down jacket, kurtina, atbp., ay itapon bilang nasusunog na basura.



**Nasusunog na mapanganib na bagay** 1 beses sa isang buwan

**Rechargeable na baterya** \*Mangyaring ilagay ang basura sa mga komersyal na translucent na bag na hindi itinalaga ng Owariasahi City at itapon.

- Kabilang dito ang mga rechargeable na baterya (lithium-ion, nickel-cadmium, at nickel-cadmium na mga baterya), powerbank, heated tobacco (kasama ang charger), at e-cigarette. \* Hindi kabilang dito ang mga disposable na mga baterya.

\*Ang mga produktong hindi maaaring alisin ang mga rechargeable na baterya ay itatapon bilang "maliit na appliance sa bahav"



**Spray can at cassette cylinder** \*Ilagay sa basket at itapon.

- Siguraduhing ubusin ang laman at tanggalin ang gas. Gayundin, itapon ito nang hindi binubutasan.
- Mga spray can (deodorant, mga insecticide, pang-istilo ng buhok, atbp.) at cassette cylinders (hindi maaaring itapon ang mga cassette cylinder na iba dito)



**PET bottle** Araw-araw \*Hindi maaaring itapon sa mga itinalagang lugar ng koleksyon Mayroong mga basket ng koleksyon sa city hall, mga community center, at mga malaking supermarket.

- ① Tanggalin ang takip at label (itapon bilang plastik na basura)
- ② Hugasan gamit ang tubig
- ③ Pipiin agamit ang paa
- ④ Itapon sa mga basket ng koleksyon



[Para sa mga katanungan]  
 Waste Reduction Section  
 Environment Division  
 Owariasahi City Hall  
 0561-76-8135